

Isang Maikling Gabay sa Medicare & Medicaid



Medicare

Ano ang Medicare?

Ang Medicare ay pangkalusugan insurance para sa mga taong:

- 65 o mas matanda
- Wala pang 65 taong gulang at may ilang partikular na kapansanan
- Anumang edad na may Sakit sa Huling Yugto ng Bato (ESRD) (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant ng bato)
- Anuman ang edad, basta may ALS (amyotrophic lateral sclerosis, na tinatawag ding sakit ni Lou Gehrig)



Ano-ano ang mga bahagi ng Medicare?

Kasama sa Orihinal na Medicare ang Medicare Part A (Insurance sa Ospital) at Part B (Insurance sa Medikal).

Ang mga Medicare Advantage Plan (tinatawag ding “Part C” o “MA Plans”) ay mga planong inaprubahan ng Medicare mula sa mga pribadong kumpanya na nag-aalok ng alternatibo sa Orihinal na Medicare. Pinagsasama-sama ng mga planong ito ang iyong Part A, Part B, at kadalasan ay Part D.

Part A – Insurance sa Ospital

Tumutulong magbayad para sa:

- Pangangalaga sa ospital para sa mga pasyenteng naka-confine
- Pangangalaga sa pasilidad ng pag-aalaga ng nars
- Pangangalaga sa hospisyo
- Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan

Part B – Medikal na Insurance

Tumutulong magbayad para sa:

- Mga serbisyo mula sa mga doktor at iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan
- Pangangalagang outpatient
- Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan
- Matibay na kagamitang medikal (gaya ng mga wheelchair, walker, kama sa ospital, at iba pang kagamitan)
- Maraming serbisyong pang-iwas (gaya ng mga pagsusuri, bakuna, at taunang pagbisita para sa “Wellness”)

Part D – Saklaw sa mga gamot

Tumutulong itong sagutin ang gastos para sa mga gamot na may reseta.

Ang mga planong nag-aalok ng saklaw sa gamot ng Medicare (Part D) ay pinapatakbo ng mga pribadong kompanya ng seguro na sumusunod sa mga tuntuning itinakda ng Medicare.

Ang iyong mga opsyon sa Medicare

Kapag una kang magpatala sa Medicare at sa ilang partikular na panahon ng taon, maaari mong piliin kung paano mo makukuha ang iyong saklaw sa Medicare. **Mayroong 2 pangunahing paraan upang makuha ang Medicare:**

Orihinal na Medicare

- Kabilang dito ang Medicare Part A (Insurance sa Ospital) at Part B (Medikal na Insurance).
- Maaari kang sumali sa hiwalay na planong gamot ng Medicare upang magkaroon ng saklaw sa gamot ng Medicare (Part D).
- Maaari kang magpatingin sa sinumang doktor o ospital sa U.S. na tumatanggap ng Medicare.
- Maaari ka ring bumili ng karagdagang coverage na tumutulong magbayad sa mga gastos mo mula sa sariling bulsa (tulad ng iyong 20% coinsurance).

☒ Part A



☒ Part B



Maaari kang magdagdag ng:

☐ Part D



Maaari kang magdagdag ng:

☐ Karagdagang saklaw



Kasama rito ang Medicare Supplement Insurance (Medigap). Maaari itong makatulong magbayad ng ilang gastusin na hindi saklaw ng Orihinal na Medicare. O kaya, maaari mong gamitin ang coverage mula sa kasalukuyan o dating employer o unyon, o Medicaid (kung kwalipikado ka).

Medicare Advantage (Part C)

- Isang planong inaprubahan ng Medicare mula sa isang pribadong kumpanya na nag-aalok ng alternatibo sa Orihinal na Medicare para sa iyong coverage sa kalusugan at gamot. Pinagsasama-sama ng mga planong ito ang iyong Part A, Part B, at kadalasan ay Part D.
- Maaaring kailanganin mong magpatingin sa mga doktor sa network nito at kumuha ng paunang pahintulot para sa ilang partikular na gamot o serbisyo.
- Karaniwang may ibang mga gastusing babayaran mula sa sariling bulsa kumpara sa Orihinal na Medicare, kabilang ang taunang limitasyon sa mga gastusing babayaran mula sa sariling bulsa.
- Karamihan sa mga plano ay nag-aalok ng karagdagang mga benepisyo na hindi saklaw ng Orihinal na Medicare—tulad ng paningin, pandinig, dental, at iba pa.

☒ Part A



☒ Part B



Karamihan sa mga plano ay kinabibilangan ng:

☒ Part D



☒ Mga karagdagang benepisyo

Ano ang Medicaid?

Ang Medicaid ay isang pinagsamang programa ng pederal na pamahalaan at mga pamahalaan ng estado na tumutulong sa pagbabayad ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan kung limitado ang iyong kita at (sa ilang pagkakataon) ang iyong mga ari-arian, at natutugunan mo ang iba pang mga kinakailangan.

Nagbibigay ang Medicaid ng mga benepisyong karaniwang hindi sinasaklaw ng Medicare, gaya ng pangangalaga sa nursing home at personal na pangangalaga. Nagkakaiba sa bawat estado ang mga patakaran tungkol sa kung sino ang kwalipikadong makatanggap ng Medicaid. Kung kwalipikado ka para sa Medicaid sa iyong estado, awtomatiko ka ring kwalipikado para sa Extra Help (isang programa na tumutulong sa mga taong may limitadong kita at yaman na bayaran ang mga gastusing mula sa sariling bulsa para sa saklaw ng gamot ng Medicare (Part D)).

Paano ako magiging kwalipikado para sa Medicaid?

Nagkakaiba-iba ang mga programa ng Medicaid sa bawat estado. Maaari ring iba-iba ang pangalan ng mga ito, gaya ng “Medical Assistance” o “Medi-Cal.”

- May magkakaibang kinakailangan ang bawat estado tungkol sa kita at mga ari-arian.
- Tawagan ang iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) upang malaman kung kwalipikado ka. Bisitahin ang [Medicaid.gov/about-us/where-can-people-get-help-medicaid-chip](https://www.medicaid.gov/about-us/where-can-people-get-help-medicaid-chip).

Maaaring makakuha ka ng Medicaid kung pasok ka sa limitasyon ng iyong estado sa mga ari-arian, ngunit masyadong mataas ang iyong kita para maging kwalipikado. May ilang estado na nagpapahintulot sa iyo na “gastusin” ang bahagi ng kita mo na lampas sa limitasyon ng Medicaid ng estado. Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga gastusing medikal na hindi saklaw at ng bahagi ng mga gastos na kailangan mong bayaran (gaya ng mga premium at deductible ng Medicare) hanggang bumaba ang iyong kita sa antas na magiging kuwalipikado ka para sa Medicaid.

Tandaan: Simula Enero 1, 2027 (o mas maaga sa ilang estado), kailangang magtrabaho o magsagawa ng iba pang aprubadong aktibidad ang ilang nasa hustong gulang nang hindi bababa sa 80 oras bawat buwan upang maging kuwalipikado sa Medicaid at mapanatili ang kanilang saklaw. **Hindi naaangkop ang kinakailangang ito sa mga taong may Medicare.**

Maaari ba akong magkaroon ng parehong Medicare & Medicaid?

Oo, maaari kang magkaroon ng parehong Medicare at Medicaid kung kwalipikado ka. Ang mga taong may parehong Medicare at buong saklaw ng Medicaid ay “kwalipikado sa dalawang programa.” Kapag kwalipikado ka sa parehong Medicare at Medicaid at tumanggap ka ng mga serbisyong saklaw ng Medicare, Medicare ang unang magbabayad. Nagbabayad ang Medicaid pagkatapos ng Medicare at ng anumang iba pang insurance sa kalusugan na mayroon ka.

Kung kwalipikado ka sa parehong Medicare at Medicaid, sasaklawin ng Medicare ang iyong mga inireresetang gamot. Awtomatiko kang ipapatala sa isang plano sa gamot ng Medicare na sasagot sa mga gastos mo sa gamot sa halip na Medicaid. Maaaring saklawin pa rin ng Medicaid ang ilang gamot na hindi saklaw ng Medicare. Maaari ring tumulong ang Medicaid na bayaran ang mga premium mo sa Medicare at iba pang gastusing kailangan mong sagutin mula sa sarili mong bulsa sa pamamagitan ng isang Medicare Savings Program (kung kwalipikado ka). Bisitahin ang [Medicare.gov/medicare-savings-programs](https://www.medicare.gov/medicare-savings-programs) para sa higit pang impormasyon.

Tandaan: Makukuha ang Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare sa pamamagitan ng iyong estado. Maaaring mag-iba-iba ang mga pangalan ng mga programang ito at ang paraan ng pagpapatakbo ng mga ito ayon sa estado. Hindi available ang Mga Programa sa Pagtitipid sa Medicare sa mga teritoryo ng U.S. (Puerto Rico, ang U.S. Virgin Islands, Guam, ang Northern Mariana Islands, at American Samoa).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano nagtutulungan ang Medicare at buong saklaw ng Medicaid, bisitahin ang [Medicare.gov/basics/costs/help/medicaid](https://www.medicare.gov/basics/costs/help/medicaid).



Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Maghanap ng pangkalahatang impormasyon:

- Bisitahin ang [Medicare.gov](https://www.Medicare.gov) upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga planong pangkalusugan at gamot ng Medicare sa inyong lugar, maghanap ng mga kalahok na provider at supplier ng pangangalagang pangkalusugan, at iba pa.
- Tingnan ang pinakabagong gabay na “Medicare & You” upang malaman kung ano ang bago, alamin ang mga gastos mo sa Medicare, at makakuha ng impormasyon tungkol sa mga saklaw ng Medicare.

Kumuha ng tulong na angkop sa iyong mga pangangailangan:

- Makipag-usap sa isang totoong tao, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo (maliban sa ilang pederal na holiday):
 - Tawagan kami sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048. Kung kailangan mo ng libreng tulong sa ibang wika bukod sa Ingles o Espanyol, sabihin ang “Agent” para makausap ang kinatawan ng serbisyo sa customer.
- Makipag-chat sa amin nang live sa [Medicare.gov/talk-to-someone](https://www.Medicare.gov/talk-to-someone).

- Bisitahin ang [shiphelp.org](https://www.shiphelp.org) para mahanap ang iyong lokal na State Health Insurance Assistance Program (SHIP) at makakuha ng pagpapayo sa health insurance.
- Bisitahin ang Eldercare Locator sa [eldercare.acl.gov](https://www.eldercare.acl.gov) upang makahanap ng mga lokal na mapagkukunan, alamin kung kwalipikado ka sa mga benepisyo, at magplano para sa pangmatagalang pangangalaga.
- Bisitahin ang [Medicaid.gov/about-us/where-can-people-get-help-medicaid-chip](https://www.Medicaid.gov/about-us/where-can-people-get-help-medicaid-chip) upang mahanap ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng Medicaid ng inyong estado at malaman ang tungkol sa inyong pagiging kwalipikado, pag-aaplay o pagsubaybay sa isang aplikasyon, pagsubaybay sa mga claim, pagpapalit ng inyong Medicaid card, o paghahanap ng provider.



Mga Tala

This image shows a single sheet of white paper with horizontal blue ruling lines. The lines are evenly spaced and run across the width of the page. There are no margins, text, or other markings on the paper.

Mga Tala

[illegible]



Medicare

May karapatan kang makakuha ng impormasyon ng Medicare sa isang naa-access na format, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa tingin mo ay nadiskrimina ka. Bisitahin ang **[Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice](https://www.medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice)**, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.